SENATE
OFFICE OF THE SECRETARY

8 MAY 21

RECEIVED BY:

FOURTEENTH CONGRESS )
OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES )
*First Regular Session* )

SENADO

KAPASIYAHAN BILANG 414

*Iminungkahi ni Sen. M. A. Madrigal*

## KAPASIYAHANG PAGKILALA SA BUHAY AT ALAALA NG KINATAWAN NG ANAKPAWIS PARTYLIST NA SI CRISPIN "KA BEL" BELTRAN AT PAGDADALAMHATI'T PAKIKIRAMAY SA KANYANG NAIWANG PAMILYA AT KASAMAHAN SA PARTIDO

**YAYAMANG,** si Anakpawis Representative Crispin Beltran ay naging tanyag sa taguring "Ka Bel" dahil sa kanyang malasakit at magiliw na pakikitungo sa kanyang mga kaibigan, pamilya at mga kasamahan sa partido;

**YAYAMANG,** sa murang edad na dalawampu, sinimulan ni Ka Bel ang kanyang krusada sa pagtataguyod ng karapatan ng uring manggagawa;

**YAYAMANG,** si Ka Bel ay namuno sa iba't ibang unyon ng mga manggagawa. Siya ay nanungkulang tagapangulo ng Yellow Taxi Driver's Union at ng Amalgamated Taxi Drivers Federation mula 1955 hanggang 1963. Si Ka Bel ay naging katuwang na tagapamahala din ng Confederation of Labor Unions of the Philippines mula 1963 hanggang 1972;

**YAYAMANG,** si Ka Bel ay nahalal na pangalawang pangulo ng Philippine Alliance of Nationalist Organisations (PANALO), na kinalaunan ay tinawag na Alliance of Nationalist Genuine Labor Organizations (ANGLO). Ang ANGLO ay naging kaanib ng Kilusang Mayo Uno (KMU).

**YAYAMANG,** nagsilbing hudyat ng paglaban ng uring manggagawa sa diktaduryang Marcos ang pagtatatag ng KMU;

**YAYAMANG,** kabilang si Ka Bel sa mga bilanggong pulitikal noong panahon ng Batas Militar. Siya ay piniit, ngunit di naglao'y nakatakas at umanib sa Bagong Hukbong Bayan;

**YAYAMANG,** ginamit ni Ka Bel ang *nom de guerre* na "Ka Anto" bilang pagkilala sa isang haligi ng Kilusang Paggawa sa Pilipinas na si Crisanto Evangelista;

**YAYAMANG,** si Ka Bel ay nagawaran ng amnestiya nang manumbalik ang demokrasya sa ilalim ng panunungkulan ni Presidente Corazon Aquino;

**YAYAMANG,** si Ka Bel ay nagpatuloy sa kanyang krusada sa pagtataguyod ng karapatan at kapakanan ng masang anakpawis. Ipinagpatuloy niya ang panawagang pagtataas ng sahod at makataong pagtrato sa mga manggagawa;

**YAYAMANG,** noong ika-23 ng Pebrero 2006, sa pamamagitan ng Proklamasyon Bilang 1017, si Ka Bel ay inaresto ng mapaniil na gobyernong Arroyo at pinaratangan ng rebelyon. Subalit hindi natinag ang kapasyahan ni Ka Bel na patuloy na manindigan bagaman siya ay muling nakulong;

**YAYAMANG,** tunay ngang si Ka Bel ay lantay na simbulo ng dakilang lider ~~ng~~ manggagawa at makabayang tagapagtanggol ng demokrasya. Matatag niyang itinaguyod ang kapakanan ng mga mamamayan, dalisay sa kanyang adhikaing mapabuti ang pamumuhay ng sambayanan, at tapat sa kanyang mga prinsipyo;

**YAYAMANG,** ang kanyang buhay ay kasaysayan ng pakikipagtunggali laban sa pang-aapi, pang-aabuso, diskriminasyon at pagwawalang-bahala. Siya ay puno ng pagpapakumbaba at nanatili sa kanyang payak na pamumuhay sa kabila ng kanyang pagkakaluklok sa Mababang Kapulungan bilang Kinatawan ng Anakpawis Partylist. Si Ka Bel ay nagsilbing mabuting halimbawa sa kanyang mga tagasunod;

**YAYAMANG,** ang kanyang pagpanaw noong ika-20 ng Mayo 2008 ay malaking kawalan hindi lamang sa progresibong kilusang paggawa kung hindi sa buong bansa. Siya ay mag-iiwan ng matibay at mabunying alaala ng pamumuno sa hanay ng manggagawa;

**YAYAMANG,** kinikilalang bayani si Ka Bel ng kanyang mga nakadaupang-palad. Siya ay dadakilain ng kasaysayan katulad ng sa akda ni Jose Ma Sison:

*"Paano man pumanaw,*
*Mayroong pagkakatulad-*
*Ang bayani'y nagsisilbi sa bayan*
*Hanggang sa huling sandali."*

**NGAYO'Y PINAGPAPASIYAHAN,** ang pagkilala sa makasaysayang kontribusyon ni Crispin "Ka Bel" Beltran sa kilusang paggawa at pagpapahayag ng pakikidalamhati't pakikiramay sa kanyang naiwang pamilya't tagasunod sa partido.

Pinagtibay,

**M. A. MADRIGAL**